



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-15 ng Oktubre, 2018
Kontak: Juanito R. Amor Jr. (858) 505-7257

IMPORTANTENG MGA DEADLINE PARA SA ELEKSYON SA IKA-6 NG NOBYEMBRE

Kayo ay mayroon na lamang isang linggo hanggang sa deadline upang magparehistro para makaboto sa Gubernatoryal na Pangkalahatang Eleksyon sa Ika-6 ng Nobyembre.

“Kung kayo ay kamakailang lumipat o nagpalit ng inyong pangalan kailangan ninyong punan ang isang bagong porma ng rehistrasyon,” sabi ng Tagapagrehistro ng mga Botante na si Michael Vu. “Kung gagawin ninyo sa online, ang proseso ay mas mabilis, madali at convenient.”

Kung kayo ay hindi sigurado tungkol sa inyong rehistrasyon, tingnan ang inyong status sa online sa sdvote.com. Kung kayo ay hindi nakarehistro o kailangan ninyong baguhin ang inyong rehistrasyon, mahahanap din ninyo ang impormasyon na iyon, doon.

Mayroon dalawang importanteng deadline na papalapit na:

- **Lunes, Ika-22 ng Oktubre** – Deadline para magparehistro. Maaari kayong magparehistro sa sdvote.com, at kung ang inyong pirma ay nakumpirma sa pamamagitan ng mga record sa Department of Motor Vehicles, ito ay awtomatikong ipadadala sa Tagapagrehistro. Kung ang inyong pirma ay hindi nakumpirma, maaari ninyong i-print ang porma, pirmahan at ipadala ito sa Tagapagrehistro.

Para mga botanteng walang akses sa isang computer, ang mga porma ay makukuha rin sa mga opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante, U.S. Postal Service, Klerk ng Lungsod, mga pampublikong aklatan at Department of Motor Vehicles. Ang lahat ng mga porma ay dapat may postmark o napadala sa Tagapagrehistro ng mga Botante nang hindi lalampas ng Ika-22 ng Oktubre. Maaari kayong [magparehistro sa online](#) hanggang hatinggabi at ang opisina ng Tagapagrehistro ay bukas hanggang ika-8 ng gabi sa Ika-22 ng Oktubre. Kung hindi kayo umabot sa deadline maaari pa rin kayong magparehistro conditionally at bumoto nang probisyonal sa opisina ng Tagapagrehistro lamang hanggang sa Araw ng Eleksyon.



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-15 ng Oktubre, 2018

- **Martes, Ika-30 ng Oktubre** – Deadline upang mag-aplay para sa balotang pangkoreo. Maaari kayong mag-apply sa sdvote.com o gamitin ang aplikasyon sa likod ng inyong pamplet ng sampol na balota at impormasyon para sa botante. Kayo rin ay maaaring humiling ng balotang pangkoreo sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa Tagapagrehistro ng mga Botante na may pangalan ninyo, nakarehistrong adres, pangalan at petsa ng eleksyon, adres kung saan ipapadala ang balota at inyong pirma. Ipadala ang inyong mga porma sa Registrar of Voters, 5600 Overland Ave., San Diego, 92123, i-email sa rovmail@sdcounty.ca.gov o i-fax (858) 694-2955. Bilang pangatlong opsyon, maaari kayong humiling ng balotang pangkoreo sa pamamagitan ng pagtawag sa (858) 565-5800. Ang kahilingan ay para lamang sa eleksyon sa Ika-6 ng Nobyembre at ang tawag ay dapat gawin ng mismong rehistradong botante. Ang lahat ng mga aplikasyon ay dapat nasa opisina ng Tagapagrehistro sa o bago mag-ika-5 ng hapon sa Ika-30 ng Oktubre. Ang mga postmark sa petsang nabanggit ay hindi maaaring tanggapin. Ang mga botanteng naka-sign up na para makaboto ng permanente sa koreo ay hindi na kailangang mag-aplay muli.

Para sa mga botanteng kailangan ng tulong sa wika, ang mga materyales sa eleksyon ay magagamit din sa Spanish, Filipino, Vietnamese at Chinese.

Upang malaman ang marami pa tungkol sa eleksyon sa Ika-6 ng Nobyembre, tumawag sa (858) 565-5800 o bisitahin ang www.sdvote.com.

###

COUNTY**NEWS**CENTER  